ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LII Blg. 24
Disyembre 21, 2021
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Mapagpasyang paglaban sa tiraniya ni Duterte sa 2022

Isang mapagpasyang labanan sa pagitan ng tiraniyang Duterte at ng sambayanang Pilipino ang sisiklab sa darating na mga buwan. Mabilis na nagkokonsolida ang mga buktot na pangkatin ng tiraniya at pasistang terorismo, sa isang panig, habang nagtitipon sa kabilang panig, ang malawak na hanay ng mga progresibo at demokratikong pwersang anti-tiraniya ng sambayanan. Anupaman ang resulta ng labanang ito, tiyak na masasadlak sa ibayong krisis ang naghaharing sistemang pampulitika.

Nakasentro ang tunggaliang ito sa darating na halalang pampangulo na idaraos sa darating na Mayo, at ang nakatakdang pagtatapos ng termino ni Duterte bilang presidente. Sa susunod na limang buwan, tiyak na puspusang magsisikap ang lahat ng pwersang pampulitika na makamit ang kani-kanilang layunin.

Nangingibabaw sa ngayon ang tiranikong alyansa ng mga Duterte, Marcos at Arroyo sa labanan sa eleksyon dahil hawak nila ang poder. Kontrolado nila ang militar at pulis na ginagamit para gipitin, sindakin at sikilin ang mga pwersang tumututol sa tiraniya. Hinirang at hawak din ni Duterte ang mayorya ng mga upisyal ng Commission on Elections (Comelec). Kontrolado rin niya ang dekompyuter na bilangan na noong 2019 ay ginamit para ilukluk ang mga alipures niya sa Kongreso at Senado.

Higit sa lahat, hawak ng alyansang Duterte-Marcos-Arroyo ang dambuhalang yaman at rekurso ng estado. Ibinubuhos ng mga Marcos ang kanilang ilambilyong pisong nakaw na yamang dinambong noong panahon ng diktadura para bilhin ang katapatan ng mga pulitiko, maghakot sa kanilang mga rali at *motorcade*, mangibabaw sa mga patalastas sa masmidya, at dumugin ang *social media* para lumikha ng ilusyon ng malawak na suporta. Bumubuhos din ang pondo mula sa malalaking negosyo na dati nang kasabwat ng diktadura, gayundin ang malalaking burgesyang komprador na takot na balikan sila sa senaryo na mangibabaw ang mga Marcos.

Nagkakaisa ngayon ang alyansa ng mga tirano, kahit pa hindi maitatatwa na malalim din ang tunggalian sa kanilang hanay. Patuloy na ginagamit ni Duterte ang banta ng nakasampa sa Comelec na kasong diskwalipikasyon laban kay Ferdinand Marcos Jr. upang pumiga ng mas malalaking konsesyon at katiyakan ng proteksyon. Ipinamalas ni Duterte na wala siyang kabusugan sa kapangyarihan at yaman, kaya hindi magiging kagulat-gulat kung pipiliin pa rin ni Duterte na sipain si Marcos at suportahan ang sinumang mapa-

susunod sa kanyang mga dikta.

Nabigo ang iba't ibang partidong anti-Duterte na magkaisa at pumili ng iisang kandidato. Nangunguna sa pinakamalaking partidong oposisyon ang Liberal Party ni Leni Robredo, subalit kulang na kulang pa ang ipinakikita niyang kakayahang pamunuan at pagbuklurin ang sambayanan. Hindi nakatutulong sa kanyang tsansang manalo ang pagdistansya niya sa pambansa-demokratikong mga partido at organisasyon na kabilang sa pinakamatatag na lumalaban sa tiraniya ni Duterte at may baseng masa na ilang milyong boto sa eleksyon.

Dapat patuloy na magsikap ang mga pwersang oposisyon na mabuo ang kanilang alyansa. Gayunpaman, wala mang pormal na pagsasanib ng pwersa o pag-aalyansa sa eleksyon, dapat magkaisa ang mga pwersang oposisyon na buuin ang pinakamalapad na kilusan kontra sa panunumbalik ng mga Marcos at pagpapalawig sa dinastiya ni Duterte—isang kilusang kontra sa mga pasista, magnanakaw at mga sinungaling. Dapat magkaisa silang lahat na tamang bilangin ang mga balota at labanan ang lahat ng mga hakbang para dayain ang resulta ng halalan. Dapat nakahanda silang lahat na tumindig at kumilos oras na malantad ang malawakang pandaraya nina Marcos at Duterte sa eleksyon.

Dapat patuloy na magpunyagi ang mga pambansa-demokratikong partido at organisasyon na pagkaisahin ang mga nangungunang partido na kontra sa tiraniya at hikayatin ang mga ito na suportahan ang mga panawagang patriyotiko at demokratiko. Kabilang sa mga ito ang sigaw para sa katarungan ng ilampung-libong biktima ng pagpatay sa huwad na "gera sa droga," ang pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal, umento sa sahod, lupa para sa mga magsasaka, pagpawi sa kapangyarihan ng militar sa gubyerno at lipunan, pagsusulong ng seryosong usapang pangkapayapaan at pagpapahinto sa gera laban sa mga sibilyan sa anyo ng okupasyong militar at pulis sa mga baryo, pwersahang "pagpapasurender," at pambobomba mula sa ere at panganganyon.

Kasabay ng pagsusulong ng mga pakikibakang pampulitika sa kalunsuran at kanayunan, dapat patuloy na palakasin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka upang labanan ang pasistang paninibasib laban sa masa at isulong ang mga demokratikong pakikibaka ng masang magsasaka.

Dapat magsikhay ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) na ibayong palawakin at paigtingin ang pakikidigmang gerilya sa batayan ng papalalim at papalapad na baseng masa, upang biguin ang deklaradong layunin ng AFP na dudurugin ang armadong pakikibaka bago magtapos ang termino ni Duterte.

Sa darating na mga buwan, tiyak na ikakasa ng AFP ang malalaking opensibang militar laban sa mga yunit ng BHB. Ang pasistang terorismo ng mga upisyal ng militar at pulis ay lalong nagmumulat sa mamamayan sa kawastuhan ng magsandata at lumahok sa armadong pakikibaka.

Dapat patuloy na palakasin ng BHB ang kakayahan nito sa mga gerilyang maniobra at estilo ng paggawa upang pagkaitan ng target ang kaaway habang nakapagpapalakas, nakapagrerekrut ng bagong Pulang mandirigma, nakapagpapalawak ng teritoryo, nakapagtatayo ng bagong mga organisasyong masa, nakapagkokonsolida ng mga larangang gerilya at nakapagbubukas ng bago, at nakapaglulunsad ng mga taktikal na opensiba na tiyak na maipagtatagumpay.

Para sa Partido, ang darating na mga buwan ay mainam na pagkakataon para sa malawakang pagpukaw, pag-organisa at pagpakilos sa masang Pilipino. Dapat mahigpit na pamunuan ng Partido ang mga pakikibakang bayan at armadong pakikibaka upang lalo pang makapagpalawak at makapagpalakas. Ang nalalapit na anibersaryo ng Partido ay dapat magsilbing okasyon para ihanda ang isip at patatagin ang hanay para isabalikat ang mabibigat na tungkulin sa babagtasing mahihirap na landas ng pakikibaka sa hinaharap. AB

ANG Bayan

Tomo LII Blg. 24 | Disyembre 21, 2021

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

@cpp_angbayan

fb.com/editorsofAB

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Mapagpasyang paglaban sa tiraniya ni Duterte sa 2022 1
Paggigiit ng kabuhayan at karapatan 3
Pagpapatibay sa ATL, tinuligsa 4
Libong Lumad, nagbakwit 4
Kaso ng "naglalakbay na mga kalansay" 5
3 pistola, nasamsam ng BHB-Surigao del Sur 5
Mga protesta 5
Kampanyang pagpapabakuna 6
Iwas ang gubyerno sa responsibilidad 7
Sa madaling salita 8
Tatlo, pinaslang sa Negros 9
Pamimilit sa bihag 9
Pag-*extradite* kay Assange, binatikos 9
Unang unyon ng Starbucks, naitayo 9
Labis na di pagkakapantay-pantay 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Paggigiit ng kabuhayan at karapatan sa 2021

Sa taong 2021, tuluy-tuloy na iginiit ng demokratikong mga organisasyon ang pagbibigay ng estado ng sapat na ayuda sa mga sektor na apektado ng krisis sa kabuhayan at pandemya. Noong Mayo, itinayo ang Ayuda Network, na nanguna sa pangangalampag sa Kongreso para tiyaking may sapat na pondong pang-ayuda. Bahagi ng naturang *network* ang 10K Ayuda Network ng maralitang sektor na may 200,000 kasapi.

Mula Pebrero, higit 30 piket ang inilunsad ng iba't ibang grupo sa harap ng Kongreso, sa Mendiola sa Maynila, at sa harap ng iba't ibang mga ahensya ng gubyerno para igiit ang ayuda. Inilunsad din sa mga rehiyon ang katulad na mga kampanya at pagkilos. Sa naipasang badyet para sa 2022, ₱5 bilyon lamang ang inilaan para rito, lubhang malayo sa ₱206.7 bilyong ayuda noong 2020.

Ang mayor na mga aksyong masa sa nakaraang taon ay pawang nakasentro rin sa pangangalampag para sa ayuda. Kabilang dito ang mga pagkilos noong huling SONA ni Duterte, Araw ng Kababaihan noong Marso, Araw ng mga Magsasaka noong Oktubre, sa Araw ng Kapanganakan ni Andres Bonifacio noong Nobyembre 30, at Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao noong Disyembre 10 na nilahukan ng higit 5,000.

Mula Pebrero, siyam na araw sa loob ng 17 linggo, ipinaglaban ng pitong abugado na kumatawan sa 37 petisyon laban sa Anti-Terrorism Law ang pagbabasura rito. Sa panahon ng mga pagdinig, naglunsad ng piket ang mga petisyuner at mga grupo sa harap ng korte. Naglunsad din ng protesta noong Hulyo ang mga grupo sa unang taong anibersaryo ng mapanupil na batas.

Halos pitong buwan matapos ang mga pagdinig, inilabas ng Korte Suprema ang desisyon na pumabor sa batas, liban sa dalawang maliliit na punto.

Sa buong taon, nagpatuloy ang panawagan ng mga demokratikong grupo para buwagin o tanggalan ng pondo ang NTF-Elcac, ang huntang sibil-militar ng rehimeng Duterte. Magkakasunod na piket ang inilunsad sa harap ng Senado at Kongreso noong Setyembre kasabay ng deliberasyon ng pambansang badyet. Mula sa ₱28 bilyon, una itong ibinaba sa ₱4 bilyon. Sa kahuli-hulihan, nilaanan ang ahensya ng ₱17.1 bilyon, halos pareho lamang sa ₱19 bilyong badyet nito ngayong taon.

Binatikos ng mga progresibong grupo ang NTF-Elcac at kampanyang *red-tagging* at panunupil nito laban sa mga progresibo. Pinakamalupit na naidulot ng kampanya ay ang pagpaslang sa siyam na aktibista at pag-aresto sa anim na iba pa sa Southern Tagalog noong Marso 7.

**Laban ng mga sektor**


Sa buong taon, mahigit 500 protesta sa buong bansa ang naitala ng Ang Bayan. Pinakamaraming pagkilos ang inilunsad sa Metro Manila na sinundan ng Southern Tagalog habang namantine ang mga protesta sa iba pang syudad tulad ng Baguio, Angeles sa Pampanga, Naga sa Camarines Sur, Calamba sa Laguna, Bacolod sa Negros Occidental, Iloilo, Cebu, at Davao.

Tampok ang mga pagkilos ng mga manggagawang pangkalusugan na naglunsad ng di bababa sa 25 *walkout* at piket sa pamumuno ng Alliance of Health Workers para sa benepisyo at kagalingan ng sektor. Inilunsad din ng mga kabataan at guro ang mga pagkilos para sa ligtas na balik-eskwela. Gayundin, naglunsad ng mga karaban ang mga magsasaka ng Southern Tagalog, Central Luzon at Cagayan Valley sa Metro Manila para sa tunay na reporma sa lupa at ayuda.

Liban dito, may mga pagkilos laban sa nagpapatuloy na ekstrahudisyal na mga pagpaslang sa ilalim ng huwad na "gera kontra-droga," at para itulak ang pagsasakdal kay Rodrigo Duterte sa International Criminal Court. Pormal nang sinang-ayunan ng korte noong Hunyo ang imbestigasyon sa kanyang mga krimen laban sa sangkatauhan.

Mayroon ding mga pagkilos laban sa pagsirit ng presyo ng langis at mga bilihin, demolisyon at *climate change*. Iginiit din ng mga progresibong grupo ang pagtataas ng sahod ng mga guro at kawani, at pagwawakas sa kontraktwalisasyon. Nagpatuloy din ang mga rali para sa *academic ease*, balik-pasada, paglaban sa pribatisasyon at pakikialam ng rehimeng Duterte sa lokal na mga kooperatiba. Nilabanan din ng mga unyon at samahang manggagawa ang iskemang *no vax, no work*.

Nagkaroon naman ng mga kampanyang nakabase sa komunidad laban sa milyun-milyong pisong mga proyektong reklamasyon sa Manila City, Dumaguete City at Cebu, gayundin ng kampanya laban sa *offshore mining* sa Cagayan Valley at Pangasinan. AB



Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao

# Pagpapatibay sa ATL, tinuligsa

Nagmartsa noong Disyembre 10 ang may 5,000 aktibista sa University of the Philippines (UP)-Diliman bilang paggunita sa Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao. Kinundena sa protesta ang desisyon na inilabas ng Korte Suprema noong Disyembre 7 na nagpatibay sa kalakhan ng mga probisyon ng Anti-Terror Law (ATL) sa kabila ng kaliwa't kanang mga petisyon na inihain para ibasura ito.



Bago ang martsa, naglunsad ng *press conference* sa unibersidad ang mga abugado na kumakatawan sa mga petisyuner laban sa ATL. Nagpahayag sila ng pagkadismaya sa desisyon ng Korte Suprema na nagpatibay sa ATL sa pangkabuuan nito liban sa dalawang "minimal" na punto. Ang mga ito ay ang bahagi ng ikaapat na seksyon ng batas na anila'y labag sa kalayaan sa pagpapahayag, at ang ikalawang talata ng ika-25 seksyon ng batas na nagpapahintulot sa Anti-Terorism Council na ideklara ang anumang grupo bilang terorista sa hiling ng ibang bansa.

"Hindi ito tagumpay," pahayag ni Atty. Evalyn Ursua, isa sa mga abugado, kaugnay sa dalawang maliliit na probisyong idineklarang "hindi konstitusyunal." Aniya, maraming probisyon na malayong mas signipikante na dapat ipinabasura ng Korte Suprema. Kabilang dito ang malawak na depinisyon ng "terorismo," absolutong kapangyarihan ng Anti-Terrorism Council, detensyon nang hanggang 24 araw, unilateral na pag-*freeze* ng mga ariarian sa bangko nang walang karampatang proseso at marami pang iba. "Kung tutuusin, dapat ang buong batas ang iniatras," ayon kay Rep. Edcel Lagman.

Sa martsa pagkatapos ng *press conference*, binansagan ng mga raliyista ang pangkating Duterte-Marcos bilang "Pangkat ng Teror" na nagbabadyang maghasik ng lagim sa buong bansa. "Anim na taong pinagdusahan ng mamamayang Pilipino ang terorismo ng estado, karahasan at panunupil," ani Cristina Palabay ng Karapatan. "Hindi dapat hayaang magpatuloy ang parehong nakamamatay na kampanya sa susunod na anim na taon."

Nagkaroon ng katulad na mga pagkilos sa iba't ibang bahagi ng bansa. Sa Baguio City, nagmartsa ang mga raliyista sa Session Road bago nagprograma sa Malcolm Square. Nagrali rin sa Naga City ang mga aktibista at mga tagasuporta mula sa iba't ibang distrito ng Camarines Sur. Sa Cebu City, nagpiket ang mga progresibong grupo sa tapat ng kampo ng Philippine National Police Region 8 sa Osmeña Boulevard bago tumungo sa Colon St. Sa Bacolod, mula sa Lupit Church ay nagmartsa ang mga taga-Negros tungong Bacolod Plaza. Sa Sunburst Plaza naman sa Iloilo City ginanap ang aktibidad sa Panay, at sa Freedom Park sa Davao City nagprograma ang mga progresibo.

Sa iba pang dako ng bansa, iba't ibang tipo rin ng protesta ang inilunsad. Nagsindi ng kandila ang mga estudyante ng Central Luzon State University sa harapan ng unibersidad noong Disyembre 9. Sa Tumauini, Isabela, naghain ng petisyon sa lokal na pamahalaan ang mga organisasyong pang-magsasaka na Amihan at Dagami upang imbestigahan ang mga abuso ng 95th IB at 86th IB. AB

### Libong Lumad, nagbakwit dahil sa pambobomba

LIBONG LUMAD o 260 pamilya mula sa mga barangay ng Napnapon, Damulol, Mina, Badiangon at Tibuhol sa Palimbang, Sultan Kudarat ang dali-daling nagbakwit na walang dalang kahit ano dulot ng walang puknat na pambobomba at panganganyon ng militar.

Noong Disyembre 9, alas-5:15 ng umaga, hindi bababa sa anim na malalaking bomba ang inihulog ng dalawang FA-50 *fighter jet* sa Napnapon River sa Barangay Napnapon. Hindi bababa sa pitong sundalo, kabilang ang isang upisyal, ang napatay nang mahulugan ng sariling bomba ng militar. Walang yunit ng hukbong bayan sa lugar sa panahong iyon.

Sa sumunod na araw, hindi bababa sa 130 beses na kinanyon ang karatig na mga pook. Mahigit 400 sundalo ang inihatid ng susun-sunon at sunud-sunod na paglipad ng mga helikopter na gumambala sa katiwasayan sa lugar.

Upang ipagtanggol ang masa sa lugar, dalawang magkasunod na operasyong pagharas ang inilunsad ng BHB sa mga barangay ng Napnapon at Mina noong Disyembre 15 at 16. Isang sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan.

# Kaso ng "naglalakbay na mga kalansay" sa Leyte, ibinasura

Ibinasura noong Disyembre 16 ang gawa-gawang kaso kaugnay ng pagpatay sa 15 indibidwal noong dekada 1980 at diumano'y pagtambak sa kanilang bangkay sa isang libingan sa Inopacan, Leyte. Ang desisyon na inilabas ng Manila Regional Trial Court Branch 32 ay nagmula sa petisyon para ibasura ang mga ebidensyang ginamit para sampahan ng kaso sina Satur Ocampo, Rafael Baylosis, Adelberto Silva, Norberto Murillo, Dario Tomada, Oscar Belleza, Exuperio Lloren at Vicente Ladlad.

Liban dito, iniutos ng korte ang pagbasura sa kaparehong kaso laban kina Benito at Wilma Tiamzon, Lino Salazar, Presillano Beringel, Luzviminda Orillo, Muco Lubong at Felix Dumali. May 38 katao ang sinampahan ng kasong ito. Iniutos ng korte ang agad na pagpapalaya sa lahat ng mga nakakulong batay dito.

Ayon sa National Union of Peoples' Lawyers o NUPL, ipinabasura ng korte ang gawa-gawang kaso dahil hindi napatunayan ang primaryang krimen ng pagpatay sa sinasabing 15 indibidwal. Anito, hindi napatunayan na ang mga kalansay na nahukay ay kalansay ng pinangalanang mga biktima. Hindi rin kapani-paniwala ang mga salaysay ng mga "saksi."

Unang isinampa ang kaso noong 2006 matapos sabihin ng mga sundalo ng 43rd IB na ang narinig nilang mga "ingay" sa Mt. Sapang Dako ay "ingay ng mga multo" ng mga indibidwal na diumano'y pinaslang ng hukbong bayan higit dalawang dekada na ang nakararaan. Dulot ng "pagmumulto" na ito, hinukay ng mga sundalo ang isang lugar kung saan natagpuan diumano nila ang mga kalansay ng "15 katao."

Ang mga "nahukay" na mga kalansay na ito ay una nang ginamit sa isang kasong ibinasura ng Leyte Regional Trial Court. Sa kasong ito, ang mga kalansay ay "nahukay" sa Barangay Monterico, Baybay, Leyte noong Hunyo 2000. Kabilang sa mga pinangalanang mga biktima sina Concepcion Aragon, Juanita Aviola at Gregorio Eras—ang parehong mga biktima na "nahukay" ulit sa Inopacan noong 2006. Dahil dito, binansagan ang kaso sa Inopacan bilang kaso ng "naglalakbay na mga kalansay."

## 3 pistola, nasamsam ng BHB sa Surigao del Sur

TATLONG PISTOLA ANG nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Surigao del Sur sa ambus na isinagawa ng isang yunit nito laban sa mga sundalo sa Barangay San Vicente, Madrid noong Disyembre 15. Sakay sa isang Isuzu na *pick-up* ang mga sundalo nang tambangan sila. Hindi totoo ang ipinalabas ng militar na bahagi sila o papunta sila sa paghahanda sa pagtama ng Bagyong Odette para magbigay ng ayuda.

Sa kasamaang palad, dalawang sibilyang nakamotor ang natamaan nang nag-*overtake* sila sa sinasakyan ng mga sundalo. Humingi ng paumanhin ang yunit ng BHB sa pamilya dahil sa kahinaang ito, at nag-alok ng bayad-pinsala.

**Unyon ng San Lazaro Hospital sa Maynila, maitatayo na.** Panalo ang San Lazaro Hospital Employees Association-Alliance of Health Workers sa isinagawang eleksyon sa sertipikasyon ng unyon ng mga manggagawang pangkalusugan sa ospital na ito sa Lunsod ng Maynila noong Disyembre 7. Bumoto pabor sa unyon ang mga manggagawang pangkalusugan sa ospital para katawanin sila sa pakikipagnegosasyon sa maneydsment.

**Negosasyong CBA sa Daiwa sa Laguna, naging produktibo.** Naigiit ng mga manggagawa ng Daiwa ang kanilang mga kahingian sa isinagawang *collective bargaining agreement* (CBA) sa pagitan ng Malayang Unyon sa Daiwa-Olalia KMU at maneydsment ng kumpanya noong Disyembre 7. Napagkasunduan dito ang dagdag sahod at benepisyo. Ang Daiwa Seiko Philippines Corporation sa Cabuyao, Laguna ay nagmamanupaktura ng mga pyesa ng motor.

**Hustisya para sa Guinobatan 2.** Higit 500 Bicolano ang dumalo sa misang bayan sa Guinobatan Plaza, Albay noong Disyembre 15 bilang bahagi ng kampanyang hustisya para kina Jaymar Palero at Marlon Napire, dalawang aktibistang pinatay ng mga pulis noong Hulyo 25 sa Guinobatan. Sila ay mga kasapi ng organisasyon ng magsasaka sa Albay. Pinangunahan ang misa ng Justice for Guinobatan 2 Movement.

**Ibalik ang dyip sa Commonwealth, Quezon City.** Nagpiket noong Disyembre 7 sa harap ng LTFRB sa Quezon City ang mga tsuper at opereytor ng dyip para ipanawagan ang 100% na pagbabalik ng pasada sa Commonwealth Avenue sa Quezon City at kilalanin na lehitimo ang kanilang prangkisa. Nanawagan din sila ng subsidyo sa pagbili ng petrolyo sa harap ng patuloy na pagsirit ng presyo nito. Umaabot sa 2,000 pampublikong sasakyan sa naturang ruta ang hindi nakabiyahe sa kahabaan ng nabanggit na lansangan mula pa 2020.

**Karaban laban sa reklamasyon sa Cebu.** Daan-daang residente ng Calajoan, Tungkil, Guindaruhan sa Minglanilla, Cebu ang lumahok sa karaban noong Disyembre 9 kontra sa isinasagawang reklamasyon at pagkakwari sa kanilang lugar. Mariin nilang tinututulan ang proyekto ng Ming-Mori Development Corporation at Jomara Earthmoving and Development Corporation. Anila, libu-libo ang mapalalayas at mawawalan ng kabuhayan dulot ng proyektong ito.

# Gastos at kapos na paghahanda sa kampanyang pagpapabakuna

Libre ang bakuna pero hindi libre magpabakuna. Walang bakunahan sa baryo ni Aya kaya bumyahe siya at ang kanyang ate tungo sa sentrong bayan para magpaturok noong Nobyembre 30. Mahigit isang oras ang kanilang binyahe para makapunta sa pinakamalapit na *vaccination center*. Gumastos sila ng ₱1,000 para sa transportasyon at pagkain. Kailangan nilang gumastos ulit para sa pangalawang dosis. Sa kanilang pamilya, apat pa lamang ang nababakunahan dahil sa kakapusan ng pondo.

Kabilang si Aya sa libu-libong tumugon sa panawagang magpabakuna sa tatlong-araw na kampanya ng koordinadong pambansang pagbabakuna noong Nobyembre 29 hanggang Disyembre 1. Unang target ng kampanyang ito ang mabakunahan ang 15 milyon pero ibinaba ito tungong 9 na milyon dahil sa maraming kakulangan.

Sa sentrong bayan sa South Cotabato na pinuntahan ni Aya, kapansin-pansin ang kakapusan sa paghahanda. Kulang na kulang ang mga tauhang pangkalusugan kahit pa may mga boluntir mula sa pribadong sektor. Sa isang *vaccination center*, higit 1,000 ang pumila. Mayroon lamang itong humigit-kumulang 70 lakas-katao na kalakhan ay mga Barangay Health Worker (BHW), kasama ang tatlong duktor at ilang nars. Resulta nito, inabot ng hanggang Disyembre 3 ang pagbabakuna.

"Sana hindi lang oras ng trabaho ang nadadagdagan, sana pati sweldo namin," daing ni Myrna, isa sa mga BHW sa naturang *vaccination center*. Nakatatanggap lamang ang mga BHW tulad niya ng ₱9,900 kada buwan. Madalas ding inaabot ng ilang buwan bago sila sumweldo. Wala silang benepisyo mula sa PhilHealth at Social Security System. Hindi sila kasama sa mga maaaring tumanggap ng Special Risk Allowance kahit itinuturing silang mga *frontliner* at pangunahing nakatambad sa bayrus.

Lagi ring naaantala kahit ang sweldo ng mga nars at kumadrona na dapat tumatanggap ng ₱30,000 hanggang ₱50,000 kada buwan mula sa Department of Health (DOH). Dahil napakaliit ng badyet para sa kanila, walang duktor ang mga *health center* kahit sa mga sentrong lunsod. Mga nars ang umaaktong duktor sa mga lugar na ito, at nagbibigay lamang sila ng *referral* kapag kailangan na talaga ng duktor ang isang pasyente.

Perwisyo ang dulot ng kakulangan ng personel at mabagal na pagpapabakuna laluna sa mga manggagawa. "Sa totoo lang, labis akong nag-aalala na magpabakuna," sabi ni Hener. Pero napilitan siyang pumila dahil kailangan niya sa trabaho. "Kahit hindi mandato ay obligado kami," aniya. Alinsunod ito sa IATF Resolution-148B kung saan binigyan-laya ang mga upisina at negosyo na obligahin ang kanilang mga manggagawa na magpabakuna, at kung hindi ay magpa-*test* kada linggo gamit ang sariling pondo. Umaabot sa ₱2,500 ang pinakamura na *test*.

Sa kabilang banda, hindi sinusunod ng mga negosyante ang ibang patakaran ng IATF tulad ng hindi pagmamarka na lumiban ng mga magpapabakuna. "Mukhang hindi pa ako matuturukan ngayong araw," pag-aalala ni Hener. Isang araw lamang ang ipinagpaalam niya sa kanyang superbisor. "Ang hirap pa naman magpaalam sa trabaho," aniya. "Tiyak bukas mamarkahang liban ang hindi ko pagpasok. Gutom at magastos na, 'no work, no pay' pa."

Libo man ang pumila para magpabakuna, malaki pa rin ang bilang ng hindi nababakunahan sa South Cotabato. Ang Bangsamoro Autonomous Region of Muslim Mindanao, kung saan bahagi ito, ang may pinakamababang tantos ng pagbabakuna sa buong bansa.

Laganap ang pangamba sa mga baryo na magiging masama ang bakuna sa kanilang katawan. Resulta ito ng nagkalat na disimpormasyon sa *social media*. Ang mga pangambang ito ay madaling mapawi sa pamamagitan ng malawakang kampanyang impormasyon sa syensya ng bakuna. Mas makapanghihikayat din kung ilalapit sa kanila ang mga sentro ng pagbabakuna, imbes na obligahin silang gumastos at maghintay ng napakatagal.

Ang mga kakulangang ito sa mga pasilidad at tauhang medikal ay repleksyon ng kriminal na kapabayaan ng rehimeng Duterte sa sektor ng kalusugan na pinatingkad ng pandemya. Ngayong taon, ₱4.8 milyon lamang ng inilaan nitong badyet para sa Health Facilities Enhancement Program na para sa pagtatayo ng imprastruktura sa kalusugan at pagbili ng mga kagamitang medikal. Binawasan nito nang 2.6% ang badyet para sa mga manggagawang pangkalusugan at pansuporta sa operasyon ng mga ospital ng DOH. AB



#LigtasNaBalikEskwela

# Iwas ang gubyerno sa responsibilidad

Matapos ang ilang buwang paggiit ng mga estudyante para sa ligtas na pagbabalik-eskwela, kinasabikan nila ang anunsyo ng Commission on Higher Education (CHEd) na muling bubuksan ang mga klasrum sa Enero 2022 para sa harapan o *face to face* (F2F) na mga klase. Maliban sa Medisina at kaugnay na pangkalusugang mga kurso na una nang pinayagan nitong taon, magkakaroon na rin ng mga klase sa iba pang mga kurso at kolehiyo.

Naging magiliw ang pag-alala ng mga estudyante laluna sa *social media* sa masasayang pagsasama-sama nilang magkaka-klase. Marami ang nag-*post* ng mga bidyo at larawan na nagpapakita ng kasiyahan noong mga taon bago ipasara ang mga eskwelahan. Ang pananabik nila ay mula simpleng pag-alala kung paano pumara ng pampasaherong sasakyan o magsuot ng uniporme, hanggang sa paglaya sa mga kahirapan ng mga klaseng *online*.

Para sa ilang estudyante sa University of the Philippines-Manila (UPM) na nakadalo sa limitadong harapang mga klase noong kalagitnaan ng taon, malaking tulong ito sa kanilang kalusugang mental. "Yung pagtatanong sa katabi kung ano ang sinabi ng guro, kung nagawa ang pinapagawa, yung bahaginan ng mga ginawa, lahat ng iyon ay ilanlibong ulit na mas masaya," sabi ng isang estudyante sa Bachelor of Science in Public Health (BPH). Dagdag niya, pinagtibay din nito ang teoretikal na mga tinalakay sa *online* na mga klase.


Karamihan sa mga kursong naunang pinayagang magbukas ngayong taon ay nangangailangan ng mga klase sa loob ng laboratoryo, o kaya'y pag-*intern* o pagsasanay sa mga ospital. Ayon sa isa pang estudyante ng BPH, ang mga praktikal na kasanayan na iyon ay lubhang kailangan nila at maibibigay lamang ng harapang mga klase.




Pero kung ano ang sabik ng mga estudyante ay siya ring kawalang-interes ng pambansang gubyerno na tunay na magbukas ang mga klasrum. Nang sa wakas ay naitulak ito na magsagawa na ng harapang mga klase, hugas-kamay pa rin ito sa pagtiyak na ligtas na makababalik-eskwela ang mga estudyante. Sa kaso ng CHEd, ang tanging ginawa nito ay paglalabas ng mga listahan ng dapat gawin, hindi para sa ahensya, kundi para sa mga unibersidad at estudyante.

Kabilang sa mga iniutos ng CHEd ay dapat na bakunado ang mga papasok sa harapang mga klase. Pero ilang linggo na lamang bago magbukas ang semestre sa Enero 2022 ay hindi pa nababakunahan ang aabot sa kalahati ng may 4 milyon rehistradong estudyante sa kolehiyo. Labag sa karapatang-tao at sa batas ang sapilitang pagpapabakuna at mga iskemang "No Vaccine, No Work/No Salary/No face-to-face classes" ayon sa ACT Teachers.

Wala rin sa plano ng gubyerno na tustusan ang libreng Covid-19 *test* para sa mga estudyante.




Ang mga kolehiyo at unibersidad din ang bahala sa pag-"retrofit" o muling pagsasaayos ng mga pasilidad para tumugma sa mga panuntunan tulad ng *social distancing*, bentilasyon, paghuhugas ng kamay at iba pa.

Samantala, sa panukalang badyet para sa 2022, kinaltasan nang 17% ang badyet ng mga pampublikong kolehiyo at unibersidad mula ₱85.95 bilyon tungong ₱71.2 bilyon. Idinahilan ng CHEd na hindi ibig sabihin ng pag-"*retrofit*" ay kailangang magtayo ng dagdag na mga klasrum. Kabilang sa ipinag-utos ng ahensya ang estilo sa United Kingdom kung saan apat na araw lang ang mga harapang klase, at 10-17 araw ang *online*. Di katulad sa Pilipinas, libre at madaling maakses ang *testing* ng lahat ng mga estudyante.

Pinabayaan din ang mga estudyanteng nakapagsimula na ng harapang klase. Sa kaso ng UPM, marami sa mga estudyanteng nakapagklase ng harapan ay humantong sa pagtigil dahil sa kakulangan ng panustos. Wala ni anumang naibigay na akomodasyon, transportasyon o subsidyo para sa mga estudyante, laluna sa mga nagmumula sa malalayong prubinsya.

Nitong huli, lubusan nang naghugas-kamay ang CHEd sa pagsabing hindi na kailangang humingi ng pahintulot ang mga kolehiyo at unibersidad.

Mahaharap ang mga pinuno ng ahensya sa pagpursige ng mga estudyante para sa tunay at ligtas na balik-eskwela. Sinabi ng mga nakapanayam na estudyante sa UPM na patuloy silang magtutulak ng mas mahuhusay na opsyon para sa kanilang mga kaklase at buong sektor. AB

SA MADALING SALITA

# $1,000

**kada segundo**

ang kinita ng **Pfizer**, **BioNTech** at **Moderna** ngayong taon mula sa **benta ng bakuna laban sa Covid-19**. Tumatanggi ang mga ito na ibahagi ang "recipe" ng kanilang bakuna para makapagmanupaktura ng mas marami at mas mura ang mahihirap na bansa.

***Pinagkunan:*** *People's Vaccine Alliance*

++++++++++++++++++++

# 500+ milyon

**mamamayan sa buong mundo ang natulak o natutulak**

sa **labis na kahirapan** dulot ng pagbayad nila para sa mga serbisyong pangkalusugan mula sa sarili nilang bulsa bago pa magpandemya. Di hamak na mas malaki pa ito ngayon.


***Pinagkunan:*** *World Health Organization*

# 695MB

**kada segundo sa loob ng 24-oras**

ang bumuhos sa **Philippine Revolution Web Central**, ang *website* ng Partido, noong unang linggo ng Nobyembre. Pakay nito na lunurin ang **PRWC** at di maakses ng publiko.

Ang **NTF-Elcac** ang nasa likod ng atakeng ito sa PRWC. Nagpapatuloy ang atake kaya hindi pa normal ang operasyon ng *website*.




# 7

**ang orihinal na mga kaso para sa diskwalipikasyon ni Ferdinand Marcos Jr.**

bilang kandidato pagka-presidente sa halalang 2022 ang nakasampa sa Comelec.

***Pinagkunan:*** *Comelec*

# Bagyong Odette

**super-bagyo na tumama**

sa **Visayas** at **hilagang Mindanao** noong **Disyembre 17.** Sa inisyal na ulat, 375 katao ang nasawi at ₱5 bilyon ang halaga ng pinsalang dulot nito.



# 293

**mamamahayag ang ikinulong,**

# 24

**pinaslang**

# 66

**desaparecidos**


sa iba't ibang dako ng mundo. Kabilang sa mga nakakulong si **Frenchie Mae Cumpio** ng alternatibong pahayagang Eastern Vista sa Eastern Visayas.

***Pinagkunan:*** *Committee to Protect Journalists*

# ₱1 bilyon

**halaga** ng **karne, gulay** at **prutas**

ang **iligal na ipinuslit** sa **25** operasyon mula **Mayo** hanggang **Nobyembre 2021**. Resulta nito ang lalupang pagkalugi ng lokal na mga mangingisda at magsasaka.



***Pinagkunan:*** *Upisina ni Sen. Tito Sotto*

## Tatlo, pinaslang sa Negros

DALAWANG SIBILYAN AT isang Pulang mandirigma na wala na sa katayuang lumaban ang pinaslang ng mga armadong pwersa ng estado sa isla ng Negros sa nagdaang dalawang linggo. Samantala, isang mamamahayag ang pinaslang sa Samar.

Dinukot at tinortyur ang mandirigmang si Florida Ceballos (Ka Kelly) at kanyang kasamang sibilyan na si Wilfredo Fuentes noong Disyembre 8 sa Kabankalan City, Negros Occidental. Bangkay na nang inilitaw sila mula sa isang gawa-gawang engkwentro ng 94th IB sa Barangay Buenavista, Himamaylan City noong Disyembre 14.

Pinaslang ng dalawang armadong lalaki si Henry Hermoso, isang dating upisyal sa barangay, sa kanyang bahay sa Barangay Puan, Villahermoso, Negros Oriental noong Disyembre 8. Matagal nang biktima ng panggigipit at *red-tagging* ng militar si Hermoso na nagtulak sa kanyang magpalipat-lipat ng bahay.

Samantala, pinaslang sa Calbayog City, Samar ang batikang mamamahayag na si Jess Malabanan noong Disyembre 8. Si Malabanan ay naging bahagi ng pag-uulat ng Reuters kaugnay sa "gera kontra-droga" ng rehimeng Duterte. Dulot ng mga banta sa kanyang buhay, tinulungan siya ng Reuters na pansamantalang manirahan sa Samar. Myembro siya ng grupo ng mamamahayag sa Pampanga.

## Pag-*extradite* kay Assange sa US, binatikos

UMANI NG BATIKOS ang pagkatig ng korte sa United Kingdom noong Disyembre 11 sa petisyong sapilitang ilipat sa kulungan sa US ang batikang mamamahayag at tagapagtatag ng WikiLeaks na si Julian Assange. Unang napigilan ang pag-*extradite* kay Assange noong Enero nang magdesisyon ang isang lokal na korte laban dito para protektahan si Assange at kanyang kalusugan sa pagiisip.

Habang dinidinig ang kaso, dumanas ng *stroke* si Assange sa BelMarsh Prison kung saan siya nakakulong ngayon sa UK. Mahaharap siya sa 175-taong pagkakabilanggo kung sakaling matuloy ang pag-*extradite* sa kanya sa US.

Sinampahan ng US si Assange ng 18 kasong kriminal sa ilalim ng Espionage Act at Computer Fraud and Abuse Act dahil sa paglalathala ng WikiLeaks ng mga ulat kaugnay sa libu-libong lihim na dokumento ng militar ng US at mga dokumentong diplomatiko, pangunahin noong 2009 at 2010. Nilantad sa naturang mga ulat ang mga krimen ng imperyalismong US sa iba't ibang dako ng mundo, laluna sa mga interbensyunistang digma nito sa Iraq at Afghanistan.

Tinawag ng Committee to Protect Journalism ang desisyon na "hakbang na lubhang pipinsala sa pamamahayag." Anito, naglatag ang desisyon ng "mapanganib na ligal na pagkakasumundan sa pagsasakdal sa mga mamamahayag."

## Pamimilit sa bihag, labag sa alituntunin ng digma

NAGPAHAYAG NG PAGKABAHALA ang Karapatan-Southern Tagalog (ST) sa kalagayan ni Justine Kate Raca, isang bihag ng digma ng Armed Forces of the Philippines (AFP), dahil sa ilang araw na niyang pagkakakulong sa kampo ng 3rd Marine Brigade sa Barangay Tiniguiban, Puerto Princesa City, Palawan. Dinakip si Raca matapos ang isang labanan noong Disyembre 10 sa Barangay Tinitian, bayan ng Roxas.

Nagpasya si Raca na lumitaw at sumuko matapos napahiwalay siya sa kanyang yunit at naipit sa nakapokus na operasyong militar sa erya. Ginawa niya ito dala ng matinding takot na hindi gagalangin ng nag-ooperasyong sundalo ang kanyang mga karapatan bilang mandirigmang wala na sa katayuang lumaban.

Ayon sa Karapatan-ST, labag sa mga karapatan ni Raca na ipiit siya sa kampo militar para pilitin siyang pumirma sa mga papeles para sa pagsuko at pumaloob sa mga anumang pakana o programa ng AFP. Malinaw na dumaranas siya ng sikolohikal na tortyur para sumang-ayon sa kanyang walang taning na paglagi sa poder ng mga sundalo na matindi niyang kinatatakutan. Labag ang ganitong pagtrato sa kasunduan sa pagrespeto sa karapatan ng mga bihag ng digma o sumuko na nakasaad sa International Humanitarian Law at Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law.

## Unang unyon sa Starbucks sa US, naitayo

NAITAYO SA KAUNA-UNAHANG pagkakataon ng mga manggagawa ng kumpanyang Starbucks sa US ang isang unyon noong Disyembre 10 sa Buffalo, New York. Ang Starbucks ay isang restoran na kilala sa pagbebenta ng inuming kape.

Tinawag ang tagumpay bilang “mayor na pangyayari sa kasaysayan ng kilusan ng paggawa sa US.” Ito ay dahil mula nang magpahayag ng kagustuhang mag-unyon ang mga barista, walang tigil ang pagsisikap ng kumpanya para hindi ito maisasakatuparan. Kabilang sa anti-unyon na mga taktika ang pagbabantay sa mga manggagawa habang nagtatrabaho sila, pagpupulong at direktang pagpanawagan sa kanila para bumoto ng “no” sa eleksyon.

Malaki ang implikasyon ng unyon na ito sa 394,000 empleyado ng Starbucks na nakakalat sa mga syudad ng US at maging sa ibang bahagi ng mundo. Inihuhudyat nito ang posibilidad ng pagtatayo ng unyon sa isa sa pinaka-kontra sa unyonismo at barat na kumpanya. Sa US, pinanatili nito sa $14 kada oras ang sahod ng mga barista kahit pa itinaas na ng ibang mga kumpanyang mas maliit dito ang minimum na sahod nang hanggang $17 kada oras.

# Labis na di pagkakapantay-pantay bunga ng kapitalismo

Hindi maitatanggi kahit ng mga burges na ekonomista ang paglala ng di pagkakapantay-pantay sa pagitan ng pinakamalalaking kapitalista sa isang banda at sa mga manggagawa at inaaping mamamayan sa kabilang banda na bunga ng walang rendang konsentrasyon ng kapital sa pandaigdigang saklaw. Lalo itong tumingkad sa gitna ng pagragasa ng pandemyang Covid-19. Habang lugmok ang buu-buong mga ekonomya dulot ng masasaklaw na restriksyon sa pagkilos at produksyon, umabot sa di pa napapantayang lebel ang paglobo ng yaman ng iilang kapitalista na nagdodomina sa kalakalan at pinansya sa buong daigdig.

**Labis na konsentrasyon ng kapital**

Minapa ng pananaliksik na pinamagatang World Inequality Report 2022 ang "paglala at mutasyon" ng labis na di pagkakapantay-pantay sa usapin ng kita at yaman sa pagitan ng mga bansa, ng mamamayan sa loob ng mga bansa, at sa pagitan ng mga pampubliko at pribadong sektor. Ang kita ay ang sahod o sweldo ng mga indibidwal kada araw, buwan o taon, habang ang yaman ay sumatutal ng kanilang mga ari-ariang may halaga.

Mula 1820 hanggang 2020, lumalaro sa 40% hanggang 60% ng pandaigdigang kita ang nakopo ng 10% pinakamayayaman sa mundo habang 2% lamang ang napunta sa 50% pinakamahihirap na mamamayan.

Mas matingkad ang di pagkakapantay-pantay sa usapin ng yaman. "Nasa 76% ng yaman sa mundo ang pag-aari ng pinakamataas ng 10%," ayon sa pananaliksik. Resulta nito ang napakataas na konsentrasyon ng kapital, kung saan hawak ng 10% pinakamayayaman ang 60%-80% habang "malapit sa zero" ang hawak ng pinakamahirap ng 50%. Kahit sa mga sentro ng kapitalismo, ang yaman na hawak ng tinatawag na "panggitnang uri" ay madalas na nakakansela ng kanilang mga utang.

Sa nakaraang 40 taon, lumaki ang naitalang yaman ng mga bansa pero bumagsak ang netong yaman ng mga gubyerno. Sa maraming bansa ngayon, napakaliit ang hawak na yaman at madalas na lubog sa utang ang mga gubyerno. Tumingkad ito sa taong 2020-2021 kung saan kinailangan ng mga gubyerno na mangutang nang 10% hanggang 20% ng kani-kanilang mga *gross domestic product* (GDP) sa pribadong bangko para umagapay sa gastos sa pagharap sa pandemyang Covid-19.

**Paghahari ng mga bilyunaryo**

Nakopo ng pinakamayamang 1% ang 38% na nadagdag na yaman sa buong mundo mula 1995 hanggang 2021. Ito ay habang naambunan ng 2% lamang ang mayorya ng pinakamahihirap sa parehong panahon. Sumirit pataas ang bahagi ng yaman ng mas maliit pang grupo ng 0.1% ng mga "super-yaman" nang hanggang 11%.

Tinukoy ng pananaliksik bilang mayor na mga dahilan ng labis na konsentrasyon ng kapital sa maliit na grupong ito ang neoliberal na mga patakaran ng malawakang pribatisasyon at deregulasyon sa pinansya, kakumbina ng pagbaba ng buwis mula dekada 1980. Sa 2021, mayroon nang 2,582 indibidwal na may yamang $1 bilyon pataas. Sa mga ito, siyam ang may hawak na $100 bilyon pataas o abereyds na $147 bilyon (₱7.15 trilyon) kada isa—higit pa sa pambansang badyet ng Pilipinas para sa 2022.

Isa ang pandemya sa mga panahong pinakamalaki ang inilaking yaman ng mga bilyunaryo mula nang umusbong ang kapitalismo. Sa US, lumobo ang yaman ng mga bilyunaryo nang 70% ( $3 trilyon) mula Marso 2020 hanggang Oktubre ngayong taon, ayon sa isa pang pananaliksik. Iwinasiwas ng mga bilyunaryong ito ang kanilang yaman sa mga kapritso tulad ng "pagbisita" sa kalawakan bilang turista, pagbili ng mga pribadong eroplano at yate para sa "nakadistansyang byahe" at walang rendang paglalaro sa *stock market*.

(Sa parehong panahon, 97 milyong mamamayan ang dagdag na natulak sa labis na kahirapan o nabuhay nang wala pang ₱90 kada araw. Sa taya ng World Bank, aabot sa 711 milyon ang mabubuhay sa labis na karalitaan sa katapusan ng 2021.)

**Mga bilyunaryong Pilipino**

Sa Pilipinas, mayroon nang 2,919 bilyunaryo, kalakhan mga burgesya-kumprador. Ang pinakamayayamang 50 sa kanila ay may yamang ₱10-811 bilyon kada isa. Labimpito sa mga ito ay nabibilang sa listahan ng mga bilyunaryo sa halagang dolyar ng Forbes Magazine. Sa ulat ng Forbes, lumaki nang 41% ang yaman ng 13 ng pinakamayayamang Pilipino mula Marso hanggang Setyembre 2020. Kabilang sa kanila si Lucio Tan, na nagkamal ng dagdag na ₱22 bilyon sa kabila ng pagdedeklara niya ng "pagkabangkarote" ng kumpanya niyang Philippine Airlines at pagsisante ng mga manggagawa dahil diumano dito.

Sa pananaliksik ng Ibon Foundation, 28% ang inilaki ng yaman ng 40 sa mga kumprador sa Pilipinas nitong taon. Bago nito, halos 400% ang inilaki ng kanilang yaman mula 2006 hanggang 2019. Sa kabilang banda, tumaas lamang nang 53% ang tunay na kita ng batayang mga sektor. Pinakamataas na ang ₱528,000 na taunang kita ng 80% ng mga Pilipino. AB